CITY OF LONG BEACH

PUBLIC NOTICE

PAMPUBLIKONG PAHAYAG

Agosto 21, 2020

Nagbibigay ang Lungsod ng mga Tip para sa Pag-iwas sa Panloloko sa Gawad para sa Maliliit na Negosyo

Long Beach, CA — Nag-aalok ang Lungsod ng Long Beach ng mga gawad na programa upang suportahan ang mga negosyo ng Long Beach na naapektuhan ng COVID-19 pandemya pati na rin ang kaguluhan sa sibil na naganap noong Mayo 31, 2020. Ipinagbigay alam sa Lungsod na may mga grupo na hindi kaugnay sa Lungsod ay nasubok na manloko sa mga maliliit na negosyo sa Long Beach na naghahanap ng mga gawad.

Mangyaring tandaan ang mga sumusunod tungkol sa aplikasyon at proseso ng pagbibigay ng gawad ng Lungsod:

- Ang impormasyon tungkol sa mga programa para sa maliliit na negosyo ng Lungsod ay palaging libre.
- Walang bayad ang pag-aplay para sa mga gawad sa Lungsod ng Long Beach.
- City employees will never ask you for your credit card or bank account number, nor is this information required to apply for a grant. Ang mga kawani ng Lungsod ay di kailanman manghihingi ng iyong credit card o numero ng account sa banko.
- Ang opisyal na sulat sa email ng Lungsod ay magmumula sa mga email address na nagtatapos sa longbeach.gov.

Nag-aalok ang Lungsod ng mga sumusunod na mga Tip:

- Kung nakatanggap ka ng isang email, tawag sa telepono o text message na kahina-hinala, huwag tumugon.Tumawag sa 562.570.4BIZ (4249) para sa tulong.
- Huwag magpadala ng pera o magbigay ng personal na impormasyon bilang tugon sa hindi inaasahang kahilingan.
- Kung nakatanggap ka ng robocall na nagsasabi na may kaugnay sa programa ng gawad para sa maliliit na negosyo ng Long Beach, i-hang up kaagad at huwag tumugon sa anumang pagdikta.

Ang mga may-ari ng negosyo sa Long Beach ay maaaring tumawag sa Hotline ng Negosyo ng Long Beach, 562.570.4BIZ (4249), mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes para sa impormasyon tungkol sa mga gawad para sa maliliit na negosyo at ang proseso ng aplikasyon para sa bawat gawad. Bilang karagdagan, ang mga may-ari ng negosyo sa Long Beach ay maaaring mag-email sa 4BIZ@longbeach.gov para sa mga katanungan.

CITY OF LONG BEACH

PUBLIC NOTICE

Ang mga katanungan ng media ay maaaring idirekta kay Eric Romero, Project Manager, Economic Development Department, 562.570.6705, Eric.Romero@longbeach.gov.
Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###